392-4

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED

DepED MEMORANDUM
No. 232, s. 2007

JUN 12 2007

PREVENTING H-FEVER IN SCHOOLS

To: Bureau Directors
Directors of Services, Centers and Heads of Units
Regional Directors
Schools Division/City Superintendents
Heads, Public and Private Elementary and Secondary Schools

1. This Memorandum reiterates and reinforces DepED Memorandum No. 414, s. 2006 and DepED Memorandum No. 227, s. 2005 to protect the school populace from Dengue H-Fever, a threatening disease especially during rainy season when Aedes aegypti mosquito, the transmitter of the disease, proliferates rapidly.

2. School officials are hereby instructed to continuously mobilize school health and nutrition personnel to disseminate information on the prevention and control of Dengue H-Fever and to practice the Four-o'clock Habit, an initiative to maintain sanitation in the schools and communities.

3. Close collaboration should be made with the Parent-Teacher-Community Associations (PTCAs), Local Government Units (LGUs), Municipal Health Offices (MHOs) on the conduct of the 4-S Strategy Against Dengue, which are:

a. Search and Destroy mosquito breeding sites
b. Seek early treatment
c. Self protection
d. Say NO to indiscriminate fogging

4. Enclosed is an information on Dengue H-Fever for ready reference.

5. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

RAMON C. BACANI
Undersecretary

Encl.: As stated
References: DepED Memorandum: (Nos. 227, s. 2005 and 414, s. 2006)
Allotment: 1—(D.O. 50-97)
To be indicated in the <u>Perpetual Index</u>
under the following subjects:

| | |
|---|---|
| HEALTH EDUCATION | PUPILS |
| SCHOOLS | STUDENTS |

Sally – Preventing H-Fever in Schools
June 1, 2007

(Enclosure No. 1 to DepED Memorandum No. 232, s. 2007)

# *FOUR*mula (4-S) laban sa DENGUE

## Search and Destroy

Alisin ang mga bagay na maaaring pag-ipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok tulad ng lumang gulong, lata, bote at tansan. Linisin ang mga alulod at palitan ang tubig sa flower vase minsan sa isang Linggo. Nangingitlog ang lamok na nagkakalat ng Dengue sa mga malinis na tubig.

## Self-protection Measures

Magsuot ng mahabang pantalon at polo. Dapat gumamit rin ng mosquito repellant sa araw.

## Seek Early Consultation

Kung may lagnat na ng 2 araw at may rashes sa balat, pumunta at komunsulta agad sa pinakamalapit na health center o ospital.

## Say No to Indiscriminate Fogging

Mag-fogging lamang kung may dengue outbreak.

# *DOH it na!*

*May sapat na supply ng dugo ang Department of Health.*

**Para sa blood assistance, tumawag sa Philippine Blood Center (PBC)**

*tel. no. 926-0367 at 924-6601 loc. 337*

## Ano ang Dengue?

Ang dengue ay isang sakit na sanhi ng mikrobyong "*Dengue virus*".

## Paano nakukuha ang Dengue?

Ang dengue ay nakukuha sa kagat ng lamok, na tinatawag na ***Aedes aegypti*** at *Aedes albopictus*, na meron ng dengue virus na nakuha niya pagkatapos kumagat sa taong may dengue.



*Aedes aegypti*

Ang lamok na ito'y nangangagat sa araw at nangingitlog sa ano mang bagay o lalagyang naipunan ng malinaw na tubig. Ito'y namamahay sa madilim na parte ng loob at paligid ng bahay.

## Ano ang mga palatandaan ng Dengue?

- Sa umpisa: lagnat na tumatagal ng 3-5 araw, matinding sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan at kasukasuan, panghihina, at walang ganang kumain.
- Kasabay ng pagbaba ng lagnat, ay paglitaw ng mapupulang butlig - "*rashes*" - sa iba't ibang parte ng katawan.
- Maaaring magkaroon ng pagdurugo ng ilong at gilagid o pagsuka ng dugo o pagdumi nang maitim.

## Paano maiiwasan ang Dengue?

- Ang "*fogging*" ay pansamantalang paraan lamang ng pag-iwas sa dengue. Ang mabisang pagsugpo ng dengue ay ang pag-alis ng mga lalagyang maaaring pag-ipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok.

**_Gawin ang mga sumusunod:_**

- Butasan o biyakin ang mga lumang gulong upang hindi maipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok.




- Takpan ang mga drum, timba at iba pang ipunan ng tubig upang hindi pamahayan ng kiti-kiti.



- Palitan ang tubig ng plorera o flower vase minsan isang linggo.



- Linisin at alisin ang tubig sa paminggalan.



- Linisin ang alulod ng bahay upang hindi maipunan ng tubig at pamahayan ng kitikiti.



- Itapon ang iba pang bagay na maaaring pag-ipunan ng tubig at pangitlugan ng lamok tulad ng lata, bote at tansan.

